

Para sa mga magulang

Mutsumi Seibu Elementary School
Principal Yamamoto Norio

新型コロナウイルス感染症拡大防止に係る家庭での対応の徹底について (お願い)
(Pakiusap) Para sa Masusing Hakbang sa Bawat Tahanan
Upang Maiwasan ang Pagkalat ng Nakakahawang COVID-19

Kinakailangan ang patuloy na pakikipagtulungan at pakikipagkaisa ng mga tahanan at paaralan. Mangyari po sanang basahin ang 3 puntos na hakbang na nakasulat sa ibaba at inaasahan po namin ang inyong pakikipagtulungan.

Nilalaman

- 1 Huwag papasukin sa paaralan ang inyong anak kung sakaling siya ay may mga sintomas ng pagkakaroon ng lagnat.
 - Pagsabihan ang inyong anak na siya ay manatili lamang sa loob ng bahay kung ang kanyang pakiramdam ay masama o lalo pat kung siya ay may lagnat.
 - **Kung** halimbawang ang mga naimpeksyon o nahawahan nito malapit sa inyong paligid ay nasa (※)level 3 o nasa level 2, at halimbawa ding ang **isa sa miyembro ng inyong pamilya ay may lagnat paiwasin na rin ang inyong anak na pumasok sa paaralan.** (Sa ngayon ang mga taong nagkaroon o nahawahan ng sakit na ito dito sa ating Lunsod ng Okazaki ay nasa **【Level 2】**
 - ※Ito ay naiiba sa ipinahayag mula sa Okazaki City Hall na 「Okazaki City Alert Level」
 - ※Kung sakaling nagkaroon ng kaso katulad ng nabanggit sa itaas, hindi ibibilang na absent ang inyong anak. (Hindi itatala sa record of attendance). Hindi muna ito papapasukin.
- 2 Pag-unawa sa kondisyon ng kalusugan bago pumasok sa paaralan.

Sa umaga bago pumasok, **siguraduhin ang pagkuha ng temperatura ng katawan ng 登校 inyong anak at alamin ang kondisyon ng kanyang kalusugan.** Siguraduhing huwag papasukin sa inyong anak kung sakaling may mga sintomas ng pagkakaroon ng lagnat.
- 3 Maayos na paghuhugas ng kamay at tamang pag-uugali sa pag-ubo sa loob ng tahanan **Kinakailangan ang maayos na paghuhugas ng kamay** sa oras ng pag-uwi ng bahay at pagkatapos gumamit ng toilet, bago at matapos kumain. Gayundin sa loob ng tahanan, gawin ang tamang pag-uugali sa pag-ubo katulad ng paghawak sa inyong ilong gamit ang mask o panyo sa oras ng pag-ubo o pagbahing.
- 4 Paraan ng pag-gugol ng oras sa bakasyon at masusing hakbang laban sa impeksyon
Siguraduhin ang pagsusuot ng mask at ipatupad ang social distancing.
- 5 Iba pang paalala
 - Sa ngayon ang pagkalat ng impeksyon ay **madalas nagaganap pagkatapos ng bakasyon. Gawin ang karagdagang ingat sa pagpasok pagkatapos ng bakasyon.** Kung ang inyong anak o miyembro sa pamilya ay mayroong sintomas ng lagnat o hinala na nahawahan ng impeksyon ng COVID-19, huwag papasukin ang inyong anak.
 - Sa panahon ng bakasyon at kung sakaling ang inyong anak ay nahawahan ng

impeksyon o mayroong malapit na kontakt at sinabi ng health center na mamalagi lamang sa loob ng bahay, makipag-ugnayan agad sa paaralan, iparating ito sa mail na nakasulat sa ibaba.

Mutsumi Seibu Elem School Email: seibu@st.oklab.ed.jp

○Ang paaralan ay patuloy na nagsusumikap para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng COVID-19. Gayundin sa bahay, hinihiling namin na maipatupad ng mabuti ang mga pangunahing hakbang laban sa impeksyon

(Contact : Mutsumi Seibu Elem School Assistant Principal ☎ 71-2971)